

Bakuna sa Hib

(*Haemophilus
Influenzae Type b*)

Ano ang Kailangan Mong Malaman

Many Vaccine Information Statements are available in Spanish and other languages. See www.immunize.org/vis
Maraming Pahayag tungkol sa impormasyon sa Bakuna ang makukuha sa Espanyol at sa iba pang mga wika. Tingnan sa www.immunize.org/vis

1 Bakit magpabakuna?

Ang sakit na *Haemophilus influenzae* type b (Hib) ay isang malubhang sakit na sanhi ng bakterya. Karaniwang nagkakaroon nito ang mga batang wala pang 5 taong gulang. Maaari rin itong maka-apekto sa mga matatanda na may mga ilang mga medikal na kondisyon.

Maaaring magkaroon ang iyong anak ng sakit na Hib sa pamamagitan ng paglapit sa iba pang mga bata o matatanda na maaaring may bakterya at hindi alam ito. Ang mga mikrobyo ay kumakalat mula sa isang tao patungo sa ibang tao. Kapag ang mga mikrobyo ay nanatili sa ilong at lalamunan ng bata, ang bata ay malamang na hindi magkakasakit. Ngunit minsan ang mga mikrobyo ay pumupunta sa baga o sa daluyan ng dugo, at doon maaaring magsanhi ang Hib ng mga malulubhang problema. Tinatawag itong sumasalakay na sakit na Hib.

Bago nagkaroon ng bakuna sa Hib, ang sakit sa Hib ang pangunahing sanhi ng meningitis na sanhi ng bakterya sa mga batang wala pang 5 taong gulang sa Estados Unidos. Ang meningitis ay isang impeksyon sa pabalat ng utak at utak ng gulugod. Ito ay maaaring humantong sa pinsala sa utak at pagkabingi. Ang sakit na Hib ay maaari ring maging sanhi ng:

- pulmonya
- labis na pamamaga ng lalamunan na nagpapahirap sa paghinga
- mga impeksyon sa dugo, mga kasu-kasuan, mga buto at pabalat ng puso
- pagkamatay

Bago nagkaroon ng bakuna sa Hib, humigit kumulang 20,000 bata sa Estados Unidos na wala pang 5 taong gulang ang nagkaroon ng sakit na Hib taun-taon, at humigit kumulang 3% – 6% sa kanila ang namatay.

Maaaring mapigilan ng bakuna sa Hib ang sakit na Hib. Simula ng gamitin ang bakuna sa Hib, ang bilang ng mga kaso ng sumasalakay na sakit na Hib ay bumaba sa mahigit na 99%. Marami pang mga bata ang magkakasakit ng Hib kung titigil tayo sa pagbakuna.

2 Bakuna sa Hib

Maraming iba't ibang mga tatak ng bakuna sa Hib ang magagamit. Ang iyong anak ay tatanggap ng alinman sa 3 o 4 na dosis, depende sa kung aling bakuna ang gagamitin.

Ang mga dosis ng bakuna sa Hib ay karaniwang inirerekomenda sa mga edad na ito:

- Unang Dosis: 2 buwan ang edad
- Pangalawang Dosis: 4 na buwan ang edad
- Pangatlong Dosis: 6 na buwan ang edad (kung kinakailangan, depende sa tatak ng bakuna)
- Panghuli/Dagdag na Dosis: 12–15 buwan ang edad

Ang bakuna sa Hib ay maaaring ibigay kasabay ng ibang mga bakuna.

Ang bakuna sa Hib ay maaaring ibigay bilang bahagi ng kombinasyon ng bakuna. Ang mga kombinasyon na bakuna ay isinasagawa kung dalawa o higit pang uri ng bakuna ay pinagsama sa iisang turok, upang ang isang bakuna ay magpoprotekta laban sa higit pa sa isang sakit.

Ang mga batang higit 5 taong gulang ay karaniwang hindi kailangan ang bakuna sa Hib. Ngunit maaari itong irerekomenda para sa mga bata o matatanda na may asplenia o sakit na sickle cell, bago ang pag-oopera upang tanggalin ang lapay, o kasunod ng paglilipat ng utak sa buto. Maaari rin itong irerekomenda para sa mga taong 5 hanggang 18 taon gulang na may HIV. Tanungin ang iyong doktor para sa mga detalye.

Ang iyong doctor o taong nagbibigay sa iyo ng bakuna ay maaaring makapagbigay sa iyo ng higit pang impormasyon.

Upang pahintulutan ang (mga) tagapagkaloob ng pangangalagang medikal ng tumpak na impormasyon tungkol sa kalagayan ng panlaban sa sakit o pagbabakuna, pagtaya sa panlaban sa sakit, at isang inirerekomendang palatuntunan ng pagbibigay sa hinaharap ng panlaban sa sakit, ang impormasyon ay ipapadala sa Michigan Care Improvement Registry (Talaan ng Pagpapahusay ng Pangangalaga ng Michigan). Ang mga tao ay may karapatang humiling na huwag magpadala ng impormasyon sa Talaan ang kanilang tagapagkaloob ng pangangalagang medikal.

3 Ang ilang tao ay hindi dapat tumanggap ng bakunang ito

Hindi dapat ibigay ang bakuna sa Hib sa mga sanggol na wala pang 6 na linggo ang edad.

Ang tao na nagkaroon ng reaksyong alerhiya na nagbabanta sa buhay pagkatapos ng naunang dosis ng bakuna sa Hib, O may malubhang alerhiya sa anumang bahagi ng bakunang ito, ay hindi dapat tumanggap ng bakuna sa Hib. *Sabihin sa taong nagbibigay ng bakuna tungkol sa anumang malulubhang alerhiya.*

Ang mga taong may konting sakit ay maaaring tumanggap ng bakuna sa Hib. Ang mga taong may katamtaman o malubhang sakit ay dapat maghintay hanggang sa gumaling sila. Makipag-usap sa iyong tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan kung masama ang pakiramdam ng taong tatanggap ng bakuna sa araw na nakatakda ang iniksiyon.

4 Mga panganib sa reaksyon sa bakuna

Sa anumang gamot, kabilang ang mga bakuna, mayroong pagkakataon ng mga pangalawang epekto. Ang mga ito ay karaniwang banayad at nawawala nang kusa. Ang malulubhang mga pangalawang epekto ay posible rin ngunit napakabihira.

Karamihan sa mga taong tumanggap ng bakuna sa Hib ay hindi nagkaroon ng mga problema rito.

Mga hindi malalang problema kasunod ng bakuna sa Hib:

- pamumula, panginiginit, o pamamaga kung saan tinurukan
- lagnat

Ang mga problemang ito ay hindi karaniwan. Kung mangyari ito, karaniwan silang nagsisimula agad matapos matarukan at tatagal ng 2 o 3 araw.

Mga problemang maaaring mangyari pagkatapos ng anumang bakuna:

Maaaring magsanhi ng malubhang reaksyong alerhiya ang anumang gamot. Ang mga reaksyong ito mula sa bakuna ay napakabihira, tinatayang mas kaunti sa 1 sa isang million na dosis, at nangyayari sa loob ng ilang minuto hanggang sa ilang oras pagkatapos ng pagbabakuna.

Sa anumang gamot, mayroong napakalayong pagkakataon na magsanhi ang bakuna ng malubhang pinsala o pagkamatay.

Ang mga mas matandang bata, nagdadalaga/nagbibinata, at matatanda ay maaaring makaranas ng mga problemang ito pagkatapos ng anumang bakuna:

- Minsan nawawalan ng malay ang mga tao pagkatapos ng isang medikal na pamamaraan, kabilang ang pagbabakuna. Ang pag-upo o paghiga ng mga 15 minuto ay makatutulong na maiwasan ang pagkawala ng malay, at pinsalang dulot ng pagkatumba. Sabihin sa iyong doktor kung nahihilo ka, o may pagbabago sa paningin o tumutunog sa mga tainga.
- Ang ilang tao ay nagkakaroon ng sakit sa balikat at nahihirapang igtalaw ang braso kung saan binigay ang turok. Bihirang nangyayari ito.

Ang kaligtasan ng mga bakuna ay palaging sinusubaybayan. Para sa karagdagang impormasyon, bumisita sa: www.cdc.gov/vaccinesafety/

DCH-0449T

AUTH: P. H. S., Act 42, Sect. 2126.

5 Paano kung mayroong malubhang reaksyon?

Ano ang dapat kong hanapin?

- Tingnan ang anumang nagpapa-alala sa iyo, tulad ng mga palatandaan ng **malubhang reaksyong alerhiya**, napakataas na lagnat, o hindi karaniwang pag-uugali.

Kabilang sa mga palatandaan ng malubhang reaksyong alerhiya ang pamamantal, pamamaga ng mukha at lalamunan, kahirapan sa paghinga, mabilis na tibok ng puso, pagkahilo, at panghihina. Ang mga ito ay karaniwang nagsisimula ilang minuto hanggang sa ilang oras pagkatapos ng bakuna.

Ano ang dapat kong gawin?

- Kung sa tingin mo na ito ay malubhang reaksyong alerhiya o iba pang emerhensiya na hindi makapaghihintay, tumawag sa 9-1-1 o dalhin ang tao sa pinakamalapit na ospital. O di kaya'y tawagan ang iyong doktor.
- Pagkatapos, ang reaksyon ay dapat na iulat sa Vaccine Adverse Event Reporting System (VAERS). Maaaring ang iyong doktor ang mag-ulat nito, o maaari mong gawin ito mismo sa pamamagitan ng website ng VAERS sa www.vaers.hhs.gov, o sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-822-7967**.

Hindi nagbibigay ng medikal na payo ang VAERS.

6 Ang Pambansang Programa sa Pagbabayad ng Pinsala sa Bakuna

Ang Pambansang Programa sa Pagbabayad ng Pinsala sa Bakuna (National Vaccine Injury Compensation Program, VICP) ay isang pederal na programa na nilikha upang bayaran ang mga taong maaaring napinsala ng ilang mga bakuna.

Ang mga taong naniwala na sila ay maaaring napinsala ng bakuna ay maaaring alamin ang tungkol sa programa at tungkol sa paghain ng paghahabol sa pamamagitan ng pagtawag sa **1-800-338-2382** o sa pagbisita sa website ng VICP sa www.hrsa.gov/vaccinecompensation. Mayroong takdang oras sa paghain ng paghahabol para sa pagbabayad.

7 Paano ako matuto nang higit pa?

- Tanungin ang iyong doktor. Maibibigay niya sa iyo ang polyeto ng pakete ng bakuna o magmungkahi ng iba pang mapagkukunan ng impormasyon.
- Tumawag sa iyong lokal o pang-estadong kagawaran ng kalusugan.
- Makipag-ugnayan sa Mga Sentro para sa Pamamahala at Pagpigil ng Sakit (Centers for Disease Control and Prevention, CDC):
 - Tumawag sa **1-800-232-4636 (1-800-CDC-INFO)** o
 - Bumisita sa website ng CDC sa www.cdc.gov/vaccines

Vaccine Information Statement

Hib Vaccine

Tagalog

4/02/2015

42 U.S.C. § 300aa-26

Translation provided by the California Department of Public Health

Office Use Only

